**UE Research Journal**
Vol. 28 (2025): pp. 1-21

# Frontliners na Tagapamahala ng Kapayapaan at Kaayusan sa mga Piling Barangay sa Lungsod ng Malabon at Valenzuela: Mga Kuwento ng Buhay sa Panahon ng Pandemik

**Evelyn P. Dizon**
**Ronnie M. Gillego**
Basic Education Department and
College of Arts and Sciences
University of the East, Caloocan

## ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong ilahad ang mga karanasang pinagdaanan ng mga *frontliners* na namamahala sa kapayapaan at kaayusan ng mga piling barangay sa bayan ng Valenzuela at Malabon. Ang mga kwento ng buhay na pinagdaanan ng mga piling *frontliners* noong panahon ng *pandemic* ay nagpakita ng malaking ambag nila upang mapigilan ang tuluyang pagkalat ng sakit.

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng pamamaraang kwalitatibo upang malikom ang kanilang mga karanasan sa pamamagitan ng pag-iinterbyu. Ginamit ang estratehiyang penomenolohikal sa pagbibigay diin sa pag-aaral ng isang *phenomenon* na nagkaroon ng malaking epekto sa mga mamamayan. Ang mga naging kalahok sa pag-aaral na ito ay mga *frontliners* sa mga piling barangay ng Valenzuela at Malabon na pinili ayon sa rekomendasyon ng mga puno o kapitan ng bawat barangay na ibinatay naman sa mga ulat ng mga *Ex-O* o namamahala sa mga tanod/*frontliners* ng bawat lugar. Ang pagpili ay batay sa natatangi nilang karanasan na nagbigay ng inspirasyon sa mga tao sa bawat barangay.

Karaniwang mga barangay tanod ang mga piling *frontliners* at nasa gulang na 30-70 at sila ang unang humaharap at hinihingan ng tulong ng kanilang ka-barangay. Ang mga barangay tanod sa bawat lugar/barangay ang siyang unang umaalalay sa mga taong naapektuhan ng COVID-19. Maraming barangay tanod gayundin

ang kanilang mga pamilya ang naapektuhan ng pandemya ngunit hindi ito naging hadlang sa kanilang pagtulong sa kanilang kapwa. Pinatunayan din ng mga *frontliners* na hindi sila pinabayaan ng lokal na pamahalaan at patuloy na binibigyan ng sapat na pagkain at gamot bilang pangangalaga sa kanilang mga sariling kalusugan.

Mungkahi ng pag-aaral na ito na patuloy na suportahan ang mga *frontliners* o barangay tanod sa bawat lugar pati na ang mga program na magpapaunlad hindi lamang sa pisikal kundi sa kabuuan ng kanilang pagkatao upang lalo pang dumami ang mga katulad nila. Dapat ding maglaan ng pondo para sa karagdagang pagsasanay sa pangangangalaga ng kapayapaan ng kanilang mga barangay.

*Mga Susing Salita:* Frontliners, Pandemya, COVID-19, Barangay Tanod

Ang mga sumusunod na terminolohiya ay mas makakapagpalinaw sa pag-aaral na ito.

*Ayuda* ay tumutukoy sa mga tulong na ipinagkakaloob ng pamahalaan sa mga taong nangangailangan ng tulong sa panahon ng pandemya.

*Kwento ng Buhay* ay tumutukoy sa mga karanasang pinagdaanan ng mga *frontliners* noong panahon ng pandemya na kanilang ikinuwento.

*Frontliners* ay tumutukoy sa mga taong unang nakikita at nilalapitan ng mga mamamayan sa kanilang barangay noong panahon ng pandemya upang hingan ng tulong.

Taong 2020 nang magsimulang mag-alala at magulantang hindi lamang ang Pilipinas kundi ang buong mundo dahil sa balitang nagsisimula nang kumalat ang isang uri ng sakit na bagaman marami ang nagduda at hindi naniwala ay patuloy na ipinag-alala ng higit na nakararami.

Sa tala ng *Department of Health, DOH* (2020), taong 2019 nang maitala ang mga unang kaso ng sakit na *pneumonia* sa bansang China at ito ay naireport sa *World Health Organization*

(WHO). Sinasabing ang nabanggit na *virus* ay karaniwang matatagpuan lamang sa mga hayop. Kinilala ang *virus* na *coronavirus* o COVID-19 na bagaman nagsimula sa malayong bansa ay hindi napigilan ang patuloy na pagkalat at pagapekto sa higit na nakararaming Pilipino. Ang *virus* na SARS-CoV-2, na siyang sanhi ng COVID-19 ay nagdulot ng malalang sakit sa mga mga matatanda at may mahihinang pangangatawan.

Hindi nakaligtas ang maraming Pilipino, bata man o matanda, lalaki man o babae, mayaman man o mahirap, sa mabilis na pagkalat ng nakahahawang COVID-19. Nagsimulang magpatupad ng mga *health protocols* ang pamahalaan upang mabawasan ang patuloy na pagtaas ng mga kaso ng COVID 19. Ipinagbawal sa mga Pilipino ang paglabas sa kanilang mga tahanan, naging limitado ang pagkilos ng lahat na nakaapekto sa maraming aspeto ng buhay gaya ng kalusugan, trabaho, transportasyon at ekonomiya sa buong bansa. Naging pangunahin ang pag-iingat dahil sa dami ng namamatay sa COVID-19.

Ipinatupad sa Pilipinas ang palagiang paggamit ng *face mask* at *face shield*. Sa paglala ng pandemiya, kumilos maging ang mga lokal na pamahalaan kasama ang mga kapulisan at ang mga namumuno sa bawat barangay kasama ang mga barangay tanod at bantay bayan. Naging kritikal ang pakikiisa ng lahat upang masugpo ang *virus*. Dito sumikat at binigyan ng pagkilala ang mga *frontliner*s na mga taong unang humaharap at tumutulong upang maihatid sa ospital ang mga apektado sa virus, nagbabantay sa mga malilit na kalsada upang tumulong sa mga mamamayang nangangailangan ng tulong at upang mapigil ang pagkalat ng sakit.

Ang mga *frontliners* ay siyang unang humaharap sa mga taong may sakit o sintomas ng COVID-19 na kinabibilangan ng mga nars at doktor ngunit dahil sa mataas na bilang ng mga apektado ay naging katuwang na rin dito ang mga kapulisan, alkalde ng bawat lungsod, kapitan ng bawat barangay, at ang mga barangay tanod.

Dahil dito naging malaking tulong ang mga opisyal ng barangay at mga tanod sa pagmomonitor ng mga nagkakasakit ng COVID-19. Katunayan sila ang siyang unang humaharap at nakakatunton sa mga apektado ng *virus* na isang mahirap at mapanghamong tungkulin para sa mga *frontliner*s ng bawat

barangay. May mga naging karanasan silang natatangi bunga ng kanilang pagganap sa kanilang mapanganib na tungkulin.

Ang katapangan ng mga *frontliners* sa pagharap sa mga may COVID-19 at ang katapatan nila sa pagtupad ng kanilang tungkulin and naging dahilan upang aralin nang mas malalim ang naging karanasan ng mga *frontliners* lalo na ang mga kuwento ng buhay na hindi nila makalimutan noong panahon ng pandemya. Ang mga kuwento ng buhay na ito ay maaaring makapagbigay inspirasyon sa kasalukuyang panahon.

## MGA SULIRANIN NG PAG-AARAL

Ang pananaliksik na ito ay naglayong sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

A. Ano-ano ang mga kuwento ng buhay ng mga piling *frontliners* na tagapamahala ng kapayapaan at kaayusan sa ilang piling barangay ng mga lungsod ng Malabon at Valenzuela?

B. Ano-ano ang mga paksang tinalakay sa bawat kuwento ng mga *frontliners* na nangangalaga sa kapayapaan at kaayusan ng ilang piling barangay sa mga lungsod ng Malabon at Valenzuela?

K. Paano ipinakita ng bawat kuwento ng mga *frontliners* na tagapamahala ng kapayapaan at kaayusan ang kahalagahan ng kanilang mga tungkuling ginagampanan lalo na sa panahon ng pandemya?

D. Ano ang kahalagahan ng mga kuwento ng buhay ng mga *frontliners* na nangangalaga sa kapayapaan at kaayusan ng ilang mga piling barangay sa mga lungsod ng Malabon at Valenzuela noong panahon ng pandemya sa buhay nila at ng kanilang ka-barangay?

## KAUGNAY NA LITERATURA

Sa Collins Dictionary, ang salitang *frontliners* ay nangangahulugang, "*a person that operates in an advanced, exposed or conspicuous position*." Sa Dictionary.com ang salitang *frontliners* ay, "*a frontline worker, especially in healthcare and other*

*essential, often public-facing jobs.*" Samakatuwid, ang *frontliners* ay mga tao o manggagawa na siyang unang humaharap o nakikipag-interaksyon sa mga tao, karaniwang ito ay nasa larangan ng kalusugan, medisina at iba pang pampublikong larangan. Ayon sa Dictionary.com, ang salitang *frontliners* ay batay sa salitang "*frontline worker*" na naitala mula noong 1950. Ang mga *frontline worker* ay nagtratrabaho o mga manggagawa na nagtratrabaho o gumaganap ng kanilang tungkulin sa harap ng publiko. Ginamit din ang salitang *frontliner* sa huling bahagi ng taong 1800 na tumutukoy naman sa mga sundalong nakikipaglaban o unang humaharap sa mga kalaban sa digmaan.

Naging pangkaraniwan din ang paggamit ng salitang *frontliner* lalo na noong 1980 at 1990 sa larangan ng pagnenegosyo dahil ito ay tumutukoy sa mga empleyado na siyang unang humaharap sa kanilang mga *customer* o mamimili. Naging palasak ang paggamit nito sa Timog-Silangang Asya lalo na sa Pilipinas. Nang lumabas at nakilala ang sakit na COVID-19 ay nagsimulang makilala ang mga *frontliners* lalo na sa bansang Amerika. Nang lumaganap ang COVID-19 ay lalong sumikat ang mga *frontliners* na tumutukoy sa hindi lamang sa taong nabibilang sa larangan ng medisina kundi pati na sa mga taong matatagpuan sa mga pamilihan, ospital, botika, bangko, transportasyon, at lansangan na tumutulong upang maging madali ang pagkilos at pagsugpo sa sakit na dulot ng COVID-19.

Ayon kay Cennimo (2022), naunang naiulat sa WHO ang pagkakaroon ng ganitong uri ng sakit noong Disyembre 31, 2019 at noong Enero 2020 ay opisyal nang iniulat ng WHO na ang COVID-19 ay isang uri ng sakit na pandaigdigan at kailangan na ang agarang atensyon ng mga dalubhasa sa buong mundo. Ang sakit ay mula sa *virus* na SARS-Cov2 at tinawag na COVID-19 mula sa salitang "*coronavirus disease 2019.*"

Binigyang–diin sa isang pag-aaral ng pangkat nina Edrada et al. (2020) na iniulat sa WHO, na ang unang kaso ng COVID-19 sa Pilipinas ay inimbestigahan at iniulat noong Enero 22, 2020, at nagsimula sa isang mag-asawa na galing ng China at nagpunta sa Pilipinas upang magbakasyon. Kinakitaan ang mag-asawang Tsino ng mga sintomas ng sakit at natuklasang positibo sa COVID-19. Naging mabilis ang pagkalat ng COVID-19 sa Pilipinas sa maikling panahon at nagdulot ito ng takot sa mga Pilipino at dito na nagsimulang umabot ang pandemya sa Pilipinas.

Ayon kina Cucinotta at Vanelli (2020), iniulat ng WHO sa pamamagitan ni WHO Director-General Dr. Thedros Adhanom Ghebreyesus na ang COVID-19 ay isa nang pandaigdigang pandemya at nangangailangan na ng marubdob na pansin at pag-aaral upang tuluyang nang malutas.

Ang salitang pandemya ay kinilalang salita ng taon (2020), batay sa isinagawang pagsusuri ng SAWIKAAN; Salita ng Taon Edisyong Pandemya. Ilan sa ginamit na batayan ng pagpili ng salita ay lalim ng kahulugan at ang paggamit ng mga tao sa salita gayundin sa social media. Ipinaliwanag ni Prof. Zarina Joy Santos (2020), nagdepensa ng salitang *"pandemya"* na siyang itinanghal na *Salita ng Taon 2020* sa Sawikaan, na ang salitang pandemya ang ugat ng mga salitang ginagamit ngayon kaugnay ng paglaganap ng sakit na COVID-19. Pinatutunayan na nagkaroon ng malaking epekto ang sakit upang magkaroon ng pandemya.

Dahil sa patuloy na pagtaas ng mga apektadong indibidwal sa Pilipinas ay nagpalabas din ng mga alituntunin ang DOH (2020) upang mabantayan ang mga maysakit. Nagkaroon sila ng pag-uulat sa bayan tatlong beses sa isang linggo tungkol sa mga pagbabagong nagaganap dulot ng sakit. Binuo rin sa panahong ito ang *Inter-agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF-EID)*, ang ahensyang namamahala sa mga kahandaan at pagtugon sa mga pangangailangan ng mga mamamayan. Mayroon ding ahensya ang DOH na namamahala naman sa pagpapakalat ng impormasyon na tinagurian nilang *DOH Emergency Operation Center (DOH-EOC) for COVID-19*. Maging ang maliliit na barangay sa Pilipinas ay tinulungan din sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga nars at doktor bukod pa sa mga miyembro ng bawat tanggapan ng kalusugan sa bawat barangay. Pinag-ibayo rin ang mga tuntunin na dapat sundin o *protocol* sa bawat maliliit na barangay na nagdulot ng limitasyon sa pagkilos ng lahat.

Bilang pagsuporta at pagtulong sa mga biktima ng sakit, ang pinuno ng *Department of Interior and Local Government* (DILG), na si Secretary Eduardo M. Año ay nagsabi at nagpahatid ng mensahe sa mga puno ng bawat barangay. "Sa lebel ng komunidad talaga ang tunay na laban sa COVID-19. Maaari lamang silang gabayan ng pambansang pamahalaan ngunit sila ang nasa baba at malapit sa mga tao. Kaya malaki ang responsibilidad ng mga barangay sa pagpapatupad ng *minimum health standards*." Sa pagkakataong ito

ay agad tumalima ang bawat puno ng barangay at pinakilos ang mga miyembro ng kanilang barangay mula sa Departamento ng Kalusugan hanggang sa mga nangangalaga sa kapayapaan sa bawat lugar, ang mga barangay tanod at mga bantay bayan.

Ayon sa *Senate Bill 720 (15$^{th}$ Congress)*, "*Barangay tanods are considered the first line of defense in community safety*." Ang mga barangay tanod ay mga sibilyan o mamamayan ng barangay na hinirang ng Sangguniang Barangay upang mangalaga ng kapayapaan at katahimikan ng kanilang barangay. Sila ang mga taong tumutulong sa kanilang punong barangay gayundin sa mga kapulisan upang mapanatili ang kaayusan sa kanilang barangay. Malaki ang naging papel nila sa panahon ng pandemya dahil sila ang naatasan na mangalaga sa taong bayan.

Sa isang isinagawang birtuwal na pagpupulong ni Senador Bong Go *(Philippine Information Agency, 2021)* ay binigyang papuri niya ang malaking naitulong at naging partisipasyon ng mga kasapi ng bawat barangay lalo na ang mga tanod at tagapamahala ng kapayapaan at kaayusan dahil sa nagawa nilang mapanatiling kalmado ang lahat ng kanilang nasasakupan sa pamamagitan ng kanilang pagbabantay at pagtulong sa mga nangangailangan. Isang malaking tulong ang pagkilos ng mga manggagawa sa bawat barangay gayundin ang mga tanod at bantay bayan.

Batay sa Memorandum Sirkular 2003-42, ang mga kwalipikasyon ng isang barangay tanod ay ang mga sumusunod:

a. Pilipino
b. Naninirahan sa kanilang barangay nang hindi bababa sa 6 na buwan
c. Botante ng kanilang barangay
d. 18-60 taong gulang
e. Nakababasa at nakasusulat at hangga't maaari ay tapos ng mataas na paaralan
f. May mabuting pag-uugali
g. May mainam na kalusugan (pisikal at mental)

Dahil sa mga kwalipikasyong nabanggit ay maituturing na sila ay pinili ng kanilang mga punong barangay. Hindi mapapasubalian na ang mga barangay tanod ay kabilang sa mga tinatawag na *frontliner*.

Hindi matatawaran ang ipinakitang kadakilaan ng mga *frontliners* dahil itinaya nila ang kanilang sarili upang makatulong sa bawat Pilipino kaya't hindi sila nararapat kalimutan at pababayaan.

Inilathala ng Inquirer.Net (Essential Workers, 2021) na kung mayroong mga *frontliners* na nangangalaga sa kalusugan ay mayroon din naman ibang *frontliners* na tinatawag ding "*essential workers*" na siyang nangangalaga sa paghahatid ng mga mahahalagang serbisyo at mga pangunahing pangangailangan ng mga mamamayan tulad ng mga magsasaka, mangingisda, mga namamahala ng mga pamilihan, at bangko. Nandyan din ang mga drayber, mga nanunungkulan sa barangay na hindi ipinagdamot ang sariling kakayanan makapaglingkod lamang sa bayan.

Nang magkaroon ng *lockdown* ang kanilang estado ay napakalaki ng ginampanang papel ng mga *frontliners* upang maging ligtas ang lahat sa banta ng sakit. Ang mga *frontliners* na ito ay nagtratrabaho nang lampas sa kanilang oras at tinitiis na malayo sa kanilang mga kapamilya. Ito ay kinabibilangan ng mga empleyado ng mga pamilihan, restawran, mga alagad ng batas, at mga pampublikong tanggapan.

Inilahad naman sa isang artikulo na inilathala ng Departamento ng Kalusugan (doh.gov.ph), (2019) ang kuwento ng isang *volunteer* sa isang barangay na kasama sa mga nangangalaga ng kapayapaan ang kanyang pagnanais na tumulong sa barangay kaya't binigyan siya ng pagkakataon na makilahok sa pananatili ng kaayusan. Sa kabila ng pagkakasakit ng COVID-19, hindi naging hadlang ito upang mawalan siya ng pag-asa. Katunayan sa kanyang pagkakasakit ay naramdaman pa rin niya ang pagmamalasakit ng kanyang mga kasamahan sa tungkulin. Pinatunayan niya na kahit nabibilang sila sa pinakamaliit na unit ng lipunan ay kaya pa rin nilang ipakitang may natatanging ambag sila upang tuluyang mawala ang COVID-19.

**Balangkas Teoretikal**

Isa sa mga teoryang ginamit sa pag-aaral ng mga karanasan ng indibidwal ay ang teoryang *Experiential*. Tinawag ni David A. Kolb (1984), ang kanyang teorya na *The Experiential Learning Theory*. Ayon dito ay mas matututo ang bawat tao sa kanyang mga karanasang pinagdadaanan sa buhay. Masasabi na angkop para

gamiting batayan sa pag-aaral na ito dahil ang mga karanasang pinagdaanan ng mga *frontliners* sa kasalukuyan ay may iniiwang mensahe at aral. Sinasabi na sa larangan ng edukasyon ay mas natatandaan ng tao ang isang bagay o aral kung ito ay kanyang nararanasan.

Ginamit ding batayan ang teoryang *Grounded* nang magsagawa siya ng pag-aaral sa mga *frontliners* na nangangalaga sa kalusugan gayundin ang ilang empleyado ng *IATF (Inter-Agency Task Force on Emerging and Infectious Diseases*) at mga empleyado ng lokal na pamahalaan at ang mga naghahanapbuhay sa mga pribadong tanggapan, at mga lugar na nagbibigay ng serbisyo sa publiko habang mayroong pandemya. Tungkol sa kanilang mga karanasan ginamit nya ang nabanggit na teorya upang matukoy ang mga damdamin at mga paksa ng bawat kwento ng kanilang naranasan habang tumutupad sila ng kanilang tungkulin. Natuklasan ng pag-aaral na ito na ang pagiging matatag at mapaglingkod ang susi upang makapaglingkod nang maayos sa publiko sa panahon ng pandemya.

Isa rin sa mga karaniwang ginagamit ay ang pamamaraang penomenolohikal, dahil bibigyang diin ang karanasan ng bawat indibidwal na nakaranas ng *phenomena.* Ang pagbuo ng kwento ay nakabatay sa kanilang sariling karanasan. Ang pananaliksik na ito ay batay sa paglilikom ng mga datos at kuwento mula sa sariling karanasan ng mga *frontliners* sa panahon ng pandemya.

Ginamit din na batayan sa pag-aaral na ito ang teorya ni Loria (1976) na ginamit sa pag-aaral nina Mata at Rufino (2014) na sinasabing: *"There is no surer way of transmitting values than through literature for values are caught not taught.*" Sinasabing mas madaling matutunan ng isang tao ang kagandahang asal kung ito ay kanilang nababasa o natutunghayan sa anumang uri ng babasahin.

Ang panitikan ay panghabangbuhay dahil naglalaman ito at nagmula sa mga karanasan ng mga tao na inilahad sa pamamagitan ng mga maaayos at piniling salita. Naniniwala siyang ang mga kuwentong ito ay nararapat ipahayag at mabasa ng ibang tao upang maging inspirasyon lalo na ng mga mag-aaral sa kasalukuyan. Malaking bahagi ng pagkamamamayan ng bawat Pilipino ay nasasalig at makikita sa panitikan. Kung gusto mong

kilalanin ang isang lahi ay maaari mo itong matunghayan at makita sa kanyang mga panitikan.

Ayon kay Hon. Azarias (Pilosopiya ng Literatura, mula sa aklat ni Panganiban, 1996) ang panitikan ay isang paraan ng pagpapahatid ng damdamin ng tao tungkol sa lipunan kanyang ginagalawan, sa kanyang pamumuhay, pamahalaan at pakikipag-ugnayan sa Bathalang Lumikha. Isang patunay ito na makikita ang pagkatao ng mga Pilipino sa kanyang mga panitikan.

Isang mahalagang salik din ang panitikan upang lalong mapataas at mapaunlad ang wikang Filipino na binigyang diin sa Saligang Batas 1987, Artikulo XIV, na naglalahad na ang wikang Filipino ay nararapat na linangin at payabungin. Isang malaking hakbang sa pag-unlad ng wika ang paglilikom at paglilimbag ng mga panitikan na nagmula mismo sa mga Pilipino dahil sa kanilang kuwento ng buhay masasalamin ang pagkatao ng mga Pilipino. Idagdag pa rito ang bahagi ng isang talumpati na binigkas ni Almario (2015) sa Pamantasan ng Silangan na makakatulong sa pagpapayaman ng wika ang paglilimbag at paghahanap ng mga nakatagong literatura ng Pilipinas.

Pinaniniwalaan din ni Arrogante (1983) na ang panitikan ay isang talaan ng buhay ng isang tao kaugnay ng kanyang pamumuhay sa daigdig na kanyang ginagalawan. Ginagawa ito ng isang tao sa pamamagitan ng malikhaing pamamaraan.

Inilarawan naman ni Salazar (1995) ang panitikan bilang isang lakas na nagpapagalaw sa lipunan, isa itong kasangkapang pangkaraniwan na maaaring makapagpalaya sa isang ideyang nagpupumiglas upang makawala at isang karanasang pantao na natatangi sa sangkatauhan.

Sinasabi sa Phil.News.ph (Luces, 2020), ang panitikan ay mahalaga sa mga kabataan dahil nakakatulong at nakakapagturo upang pagbutihin ang kanilang *motor skills* at pagiging malikhain. Idinagdag din sa nabanggit na artikulo na nagiging isang instrumento ang panitikan upang makapagpahayag ng kanyang emosyon, karanasan at kaisipan ang isang tao na maaaring maging daan ng pagpasa ng kultura at tradisyon sa mga susunod pang henerasyon.

## METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng *descriptive quantitative method.* Gumamit din ito ng disenyong penomolohikal sa pangangalap ng mga datos sa mga piling *frontliners* na nangangalaga sa kapayapaan at kaayusan sa mga piling barangay sa lungsod ng Malabon at Valenzuela.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa mga piling barangay sa lungsod ng Valenzuela at Malabon dahil ang lungsod ng Valenzuela ay may pinakamataas na bilang ng mga mamamayan samantalang ang lungsod ng Malabon ay may pinakamababang bilang ng populasyon sa CaMaNaVa.

Ang mga kalahok ay pinili batay sa rekomendasyon ng punong barangay gayundin ang mga namamahala sa mga barangay tanod o ang tinatawag na *Ex-O.* Sila ay pawang mga barangay tanod, may gulang na 30-70 taon at nagsilbing *frontliner* noong panahon ng pandemya.

Pinili ang mga naglahad ng kanilang kuwento batay sa kanilang mga karanasan at kwento ng buhay noong panahon ng pandemya na nagpakita ng katatagan ng loob at katapatan sa pagtulong sa kanilang kapwa ka-barangay na pinag-usapan, nag-iwan ng aral at ginawang huwaran ng kanilang ka-barangay at kasama sa trabaho.

Inilahad ng mga *respondents* ang kanilang kwento ng buhay nang may pahintulot mula sa puno ng barangay, *Ex-O* ng mga tanod gayundin ang kanilang kusang loob na pag-sang-ayon. Inirekord ng mga mananaliksik ang mga kuwento ng buhay, isinulat nang maayos at ipinabasa muli sa kanilang *Ex-O* bilang pagpapatunay gayundin sa taong kinapanayam.

### Konsiderasyong Etikal

Ang pananaliksik na ito ay sinuri at pinahintulutan ng *Ethical Review Committee* ng *University of the East.* Ang *ethical clearance* sa pag-aaral na ito ay pinagkaloob noong Agosto 9, 2021.

Isinaalang-alang ng mga mananaliksik sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito ang mga etikal na konsiderasyon kaugnay ng mga *respondents* na naging kalahok sa pakikipanayam at pananaliksik.

Tiniyak ng mga mananaliksik na ang mga piniling *respondents* na pag-aaral na ito ay hindi mga kamag-anak at walang kaugnayan at relasyon sa mga mananaliksik. Bukod pa rito ang pakikilahok ng mga *respondents* ay boluntaryo at hindi pinilit ng mga mananaliksik. Ang mga *respondents* ay inirekomenda ng kanilang mga puno ng mga bawat yunit na may kalakip na pag-sang-ayon naman ng kanilang punong barangay batay sa kanilang mga karanasan noong panahon ng pandemya.

Ang mga piniling *frontliners* ay binigyan din ng karapatan na tumanggi na makilahok sa pag-aaral kung hindi ito bukal sa kanilang kalooban sapagkat ito ay kanilang karapatan na hindi mapapasubalian. Tiniyak din ng mga mananaliksik sa mga *respondents* na ang kanilang mga ibinahaging personal na impormasyon ay mananatiling konpidensyal.

## PRESENTASYON AT INTERPRETASYON NG MGA DATOS

Taong 2020, nang magsimulang kumpirmahin ang paglaganap ng COVID-19 sa buong Pilipinas at kasama na ang lungsod ng Malabon at Valenzuela. Kasama sa mga tumulong at nakiisa sa pagpapatupad ng mga tuntunin sa pag-iingat sa pagkahawa sa sakit ang mga *frontliners* na kinabibilangan ng mga barangay tanod at bantay bayan. Narito ang mga tala ng mga kuwento at karanasan ng mga piling *frontliners* sa lungsod ng Malabon at Valenzuela.

**Table 1**
*Mga Respondents na Lumahok sa Pag-aaral*

| PANGALAN | EDAD / KASARIAN | KARANASAN | ADDRESS |
|---|---|---|---|
| *Respondent* 1 | 25 / L | Pangarap maging pulis | Brgy. Potrero, Malabon City |
| *Respondent* 2 | 34 / L | ID *scanner* | Brgy. Malanday, Valenzuela City |
| *Respondent* 3 | 35 / B | Team leader na maasahan | Brgy. Tagalag, Valenzuela City |
| *Respondent* 4 | 36 / B | Sinubok ng pandemya | Brgy. Isla, Valenzuela City |
| *Respondent* 5 | 40 / L | Gusto ko ang trabaho ko | Brgy. Tagalag, Valenzuela City |
| *Respondent* 6 | 40 / L | Nagka-COVID ako | Brgy. Tagalag, Valenzuela City |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Respondent* 7 | 41 / L | Mahirap ang buhay | Brgy. Malanday, Valenzuela City |
| *Respondent* 8 | 41 / L | Gusto ko ito! | Brgy. Marulas, Valenzuela City |
| *Respondent* 9 | 42 / B | May COVID sila? | Brgy. Marulas, Valenzuela City |
| *Respondent* 10 | 45 / B | Rider na tanod | Brgy. Potrero, Malabon City |
| *Respondent* 11 | 46 / L | *Ex-O* ng potrero | Brgy. Potrero, Malabon City |
| *Respondent* 12 | 47 / L | Laging *negative* sa COVID | Brgy. Potrero, Malabon City |
| *Respondent* 13 | 50 / L | Serbisyo sa publiko | Brgy. Tugatog, Malabon City |
| *Respondent* 14 | 52 / B | Misis ni *Ex-O* | Brgy. Acacia, Malabon City |
| *Respondent* 15 | 54 / B | *Team leader* | Brgy. Mabolo, Valenzuela City |
| *Respondent* 16 | 55 / L | *Deputy* ng Balangkas at Bilog | Brgy. Balangkas at Bilog, Valenzuela City |
| *Respondent* 17 | 57 / B | Babae man ako | Brgy. Tagalag, Valenzuela City |
| *Respondent* 18 | 58 / L | *Ex-O*, 24 oras | Brgy. Acacia, Malabon City |
| *Respondent* 19 | 59 / L | Deputy ng bayan! | Brgy. Mabolo, Valenzuela City |
| *Respondent* 20 | 60 / B | Tuloy pa rin! | Brgy. Mabolo, Valenzuela City |
| *Respondent* 21 | 61 / L | *Ex-O* ng Bilog | Brgy. Sitio Bilog (Balangkas), Valenzuela City |
| *Respondent* 22 | 62 / B | Nanay na *frontliner* | Brgy. Tugatog, Malabon City |
| *Respondent* 23 | 62 / L | *Ex-O* ng Mabolo | Brgy. Mabolo, Valenzuela City |

Karamihan ng mga *respondents* na lumahok ay galing ng Valenzuela (15) at 8 ang galing sa Malabon. Mas marami ang mga lalaki at ang mayorya ay nasa 41 at mahigit taong gulang. Apat sa *respondents* ay may posisyong ang tawag ay *Ex-O* na tumutukoy sa taong tuwirang namamahala sa mga barangay tanod. Siya rin ang

nagbibigay ng iskedyul sa mga tanod at sa panahon ng pandemya ay tuwirang tumitingin sa kalagayan at kalusugan ng mga tanod.

Ang mga sumusunod ay mga temang nalikom sa pakikipanayam sa mga *respondents*.

### *A.* Ang Pagiging *Ex-O*

Malaki ang naging papel ng mga *Ex-O* bilang *frontliners*. Kahit bago magpandemya, tungkulin na nila ang panatilihin ang kaayusan at kapayapaan sa kanilang barangay. Sabi nga ni *Respondent* 1, "ipinagmamalaki niyang sinabi na kilala ang kanilang barangay bilang '*Drug Free* Barangay Potrero' dahil sa pakikipagtulungan ng lahat ng tao at tanod sa barangay." Nagsimula siya bilang isang *driver*, tanod, at dahil sa kanyang pagtitiyaga at pagmamahal sa kanyang tungkulin ay kinilalang *Ex-O* ng Potrero.

Bilang *Ex-O*, ang tungkulin ni *Respondent* 21 ay maging tagapamahala ng mga tanod, tagapamayapa at tagapagpatupad ng mga kinakailangang sundin na tuntunin lalo na noong panahon ng pandemya. Si *Respondent* 21 ay matatagpuan sa kanilang barangay na naglilingkod 24 oras para lamang masigurado ang kaligtasan ng kanyang ka-barangay.

### B. Gaano Ka-grabe ang COVID-19

Ayon kay *Respondent* 21, "walang sinuman ang makakaligtas kapag dinapuan ng *virus* na COVID, dahil maging si *Ex-O* ay nakaranas nito marahil dahil na rin sa kanyang walang sawang pagsubaybay sa mga mamamayan ng Bilog. Kinailangan nilang sumailalim sa 14 araw na *quarantine* upang masiguro ang kaligtasan ng lahat ng kanyang pamilya at kasamahan." Sinabi ni *Respondent* 11 na "isa ang kanilang barangay sa lungsod ng Malabon ang may pinakamataas na bilang ng mga nagkasakit ng COVID 19." Sa tindi ng hirap na dinanas ng mga mamamayan, may mga nagsabi na maaaring ito ay ganti na ng Maykapal dahil sa dami na ng mga masasamang tao sa mundo. Meron din nag-alala na malapit na yatang magunaw ang mundo at baka hindi na nila makita ang iba nilang mahal sa buhay gaya ng mga apo. Sa kabila ng pag-aalalang ito, marami pa rin ang nagpahayag ng pag-asa at pananamplataya na hindi natutulog ang Diyos at malaki ang maitutulong ng pagdarasal at pagkakaisa ng mga tao.

### *C.* Dahilan kung bakit naging *frontliners*

Sa kabila ng mga panganib na alam nilang susuungin nila, tinanggap ng mga *Ex-O* at mga barangay tanod ang hamon ng pagiging *frontliners.* Marami sa kanila ang nagsabi na nais nilang makatulong hindi lamang sa kanilang pamilya kundi sa buong komunidad. Ayon kay *Respondent* 1, "isa pa sa hindi niya makakalimutang karanasan sa pandemya ay ang alaalang tunay na naramdaman nila ang kahalagahan nilang mga *frontliners* upang makatulong na mapangalagaan ang mga ka-barangay." Dagdag pa niya na "masarap maging barangay tanod at *frontliner* sa Potrero dahil hindi kami pinapabayaan ng aming Kapitana at hangga't nariryan ang mga kasama at si Kapitana ay hindi nila pababayaan ang Barangay Potrero."

### *D.* Mga Hamong Hinarap ng mga *Frontliners*

Sa kanilang pagiging *frontliners*, maraming hinarap na mga hamon at suliranin and mga *respondents*. Una na rito ang pagkalayo nila sa mga pamilya nila para maiwasan na mahawa ang pamilya nila sa COVID. Sa pagtupad nila ng tungkulin ay halos hindi nila mauwian ang kanilang pamilya pero ginagawan nila ng paraan na sila ay mapuntahan upang matiyak ang kanilang kaligtasan. Sadyang mahirap ito lalo na sa mga babaeng *respondents* na nagpapatakbo ng kanilang tahanan lalo na sa pagaalaga ng mga anak, pagluluto at pagaayos ng kalinisan ng kanilang tahanan. Alam ng mga *frontliners* na kailangan nilang magsakripisyo para sa kaligtasan nilang lahat. Sa katunayan, may *frontliners* na nagka-COVID sa panahon ng pagtupad nila ng kanilang tungkulin pero ang mga ito ay hindi pinabayaan ng kanilang punong barangay gayundin ng punong-lungsod.

Dahil sa mahigpit na pagpatupad ng *protocol* sa COVID upang maiwasan ang pagkalat ng sakit, maraming mga tao sa komunidad ang nagagalit sa kanila at kadalasan ay nakakarinig sila ng mga masasakit na salita. Bahagi ng tungkulin nila ang mag-*repack* ng mga ayuda, magbahagi nito sa taong bayan at magbantay sa mga *check point* ng barangay. Sa kabila ng mga komentong natatanggap nila, pinilit nilang ngumiti at huwag kakitaan ng inis lalo na sa mga sumusuway sa *protocol,* ayon kay *Respondent* 1.

Noong panahon ng pandemya ay lubhang napakahirap at nakakapagod ang kanilang tungkulin sa kanilang barangay dahil kailangan na nasa kanilang tanggapan o lansangan sila 24 oras upang mamonitor ang lahat ng biktima ng pandemya. Sa panahong ito, ayon kay *Respondent* 21, hindi lamang kapayapaan ang kanilang binantayan kundi ang kalusugan ng lahat ng tao sa kanilang barangay. Kahit kung minsan ay nakakaharap sila ng mga taong hindi sumusunod sa *protocol* ay hinahabaan na lamang nila ang kanilang pasensya dahil alam nilang lahat ng tao ay nag-aalala rin sa mga maaaring mangyari sa panahon ng pandemya.

Ang mga hamon at hirap na dinanas ng mga *frontliners* ay nasuklian naman ng ibayong suporta ng kapitan ng mga barangay at punong-lungsod. Siniguro na ang lahat ng pangangailangan nila sa gamot at bitamina ay natatanggap nila para mapanatili ang kanilang kalusugan at lakas habang nagsisilbi sa komunidad. Ayon kay *Respondent* 16, sinisigurado ng mga *Ex-O* na ang lahat ng mga ka-barangay ay nabibigyan ng maayos at sapat na ayuda mula sa punong lungsod gayundin mula sa kanilang kapitan. Sinisigurado din ng mga *Ex-O* na lahat ng kanilang barangay tanod ay nabigyan ng bakuna dahil kailangan nila ito habang nagmomonitor ng taong lalabas at papasok sa kanilang lugar. Naniniwala sila na malaking tulong ang bakuna at bitamina na kanilang tinatanggap upang magawa ang kanilang tungkulin nang maayos at masinop.

### ***E.*** **Paghubog sa Karakter ng mga *Frontliners***

Malaki ang naging epekto ng pandemya sa naging pag-iisip ng mga *frontliners.* Napagtanto nila ang laki ng ambag nila sa komunidad at dahil dito ay naramdaman nila na dapat ipagmalaki ang mga nagawa nila para sa komunidad.

Ayon kay *Respondent* 1, “nakatulong ang pandemya upang lalo kong maipadama ang aking pagmamahal sa aking pamilya.” Madamdaming pahayag niya dahil lalo niyang naipadama sa kanyang pamilya ang kanyang pagmamahal at pag-aalala. Sabi nga niya, kailangang isakripisyo ang personal na pangangailangan, gayun din ang oras sa pamilya para lamang makapagbahagi ng ayuda. “Mahirap pero kaya,” dagdag niya.

Sabi ni *Respondent* 16, ang pagiging *frontliner* ay isang pribilehiyo at pananagutan, pribilehiyo dahil kakaunti lamang ang

binibigyan ng pagkakataon na makapaglingkod. Isa itong pananagutan dahil kailangan mong tumulong, umunawa at magbahagi ng iyong sarili upang malampasan ang kinakaharap na pandemya.

Sa kabila ng ibayong hirap at pasakit na dulot ng pandemya, ayon kay Respondent 16, hindi ito nagtagumpay na tibagin ang paninindigan at pananampalataya ng mga *frontliners*. Mas lalo pang nagumapaw ang hangaring makatulong sa komunidad upang tuluyan nang makabangon sa paghihirap na dulot ng pandemya. Tumaas lalo ang respeto nila sa mga kapwa tanod na nagpapatupad ng kapayapaan at kaayusan sa panahon ng mga malalaking aberya gaya ng pandemya. Halos ganito rin ang naging pakiramdam ng kanilang mga pamilya na kinilala ang laki ng kanilang sakripisyo, tapang at pagtupad sa kanilang responsibilidad na hindi alintana ang panganib hindi lang sa kanila kung hindi pati na sa mga mahal nila sa buhay.

Inilahad din ng mga nakapanayam na ang kanilang pagiging *frontliners*/tanod ay nagbigay ng mabuting epekto sa kanilang pamilya dahil mas naunawaan ng kanilang mga asawa at anak na isang marangal na hanapbuhay at tungkulin ang pagiging tanod. Napansin nila na higit na pinagmalaki sila sa kabila na hindi sila regular na nagkikita at marami pa ang nagkakasakit sa kanilang pamilya. Sabi nga nila" hindi sila pababayaan ng Diyos" at "wala silang pinipiling tao sa pagganap sa kanilang tungkulin."

Ayon kay *Respondent* 1, ang pandemya ay lalong nagpatatag ng kanyang pagnanais at pangarap na maging pulis upang lalong dumami ang kanyang matulungan. Isang natatanging halimbawa ito ng pangarap na hinubog at pinatatag ng pandemya.

## KONGKLUSYON

Ang mga sumusunod ay kongklusyon mula sa pananaliksik na ito.

a. Maraming mga *frontliners*/barangay tanod na nagsilbi sa mga ka-barangay noong panahon ng pandemya na hindi gaanong nabigyan ng pagkilala. Sa kabila nito, binigyang papuri ni Senador Bong Go *(Philippine Information Agency, 2021)* ang malaking naitulong at naging partisipasyon ng mga kasapi ng bawat barangay lalo na ang mga tanod at tagapamahala ng

kapayayapaan at kaayusan dahil sa nagawa nilang mapanatiling kalmado ang lahat ng kanilang nasasakupan sa pamamagitan ng kanilang pagbabantay at pagtulong sa mga nangangailangan. Maaaring marami sa mga mamamayan ang hindi nagustuhan ang mahigpit na pagpapatupad ng *lockdown* kung kaya't hindi naging popular ang mga *frontliners*/barangay tanod.

b. Marami sa mga kuwento ng mga *frontliners* ang kapupulutan ng aral at nagpapakita ng katapangan, katapatan, pananalig sa Diyos na malaki ang naitulong sa pagligtas sa pandemya. Ang katapangan ay malinaw na napakita ng mga *frontliners* sa pagsuong sa mga panganib na dulot ng *pandemic* gaya ng pagkahawa sa sakit at sa pagharap sa mga kabarangay na ayaw sumunod sa *protocol* ng *lockdown*. Ang katapatan ay napatunayan sa kanilang pagtupad ng kanilang tungkulin ng halos 24 oras at ang kadalasang hindi pagkikita sa kanilang pamilya. Sa kabila ng walang kasiguruhan ng kaligtasan sa COVID at patuloy na pagkawalay sa pamilya, nanatiling matatag ang pananalig ng mga frontliners sa Diyos na sa kalaunan ay matatapos din ang kahirapan at ang pandemya.

c. Malaki ang naitulong ng suporta ng mga punong-barangay at punong-lungsod sa pagtagumpay ng pagtupad ng tungkulin ng mga *frontliners*. May mga *frontliners* na nagka-COVID sa panahon ng pagtupad nila ng kanilang tungkulin pero ang mga ito ay hindi pinabayaan ng kanilang punong barangay gayundin ng punong-lungsod. Ang mga *frontliners* ay suportado din pagdating sa bitamina at *supplements* para mapanatili ang kanilang kalusugan at higit sa lahat ang bakuna na pinamahagi upang makaiwas sa COVID.

d. Sa kabila ng hirap na dulot ng pandemya, 18alaga rin ang naitulong nito sa paghubog sa karakter ng mga *frontliners* at sa mga pamilya nila. Dahil sa pandemya, napagtanto ng mga *frontliners* kung gaano kahalaga ang ambag nila sa komunidad. Pati ang kanilang pamilya ay nagsimulang maunawaan kung gaano kahalaga at kalaki ang responsibilidad ng mga frontliners at barangay tanod sa komunidad. Nag-ibayo din ang naging pagmamahal ng mga pamilya sa isa't isa. Mas tumatag din ang pananalig sa Diyos ng mga *frontliners* at kanilang pamilya lalong lalo na sa panahon na kakaunti pa lamang ang kaalaman sa pandemya.

## REKOMENDASYON

Ang mga sumusunod ay mga mungkahi upang mas mapaganda pa ang pag-aaral na ito at maiayos ang pagpapalakad ng barangay sa mga oras ng aberya gaya ng pandemya.

a. Makabuluhan ang mga datos at aral na makukuha kung magsasagawa ng pag-aaral tungkol sa mga magulang at kung paano nila napanatiling buo at maayos ang pamilya sa panahon ng pandemya.

b. Makakatulong din kung magkaroon ng pagaaral sa naging epekto ng pandemya sa mga kabataan at ang mga naging paraan nila para mapanatili ang kanilang katinuan noong kahabaan ng lockdown.

c. Bukod sa mga *frontliners*, napakalaki rin ng naging ambag ng mga guro sa pagpapatuloy ng edukasyon ng mga mag-aaral sa panahon ng pandemya. Maganda na makuha rin ang mga kwento at karanasan nila.

d. Bilang tugon sa mga naging hamon sa mga *frontliners* noong panahon ng pandemya, mungkahi ng pag-aaral na ito na magkaroon talaga ng maayos na disaster preparedness plan na may nakalaang suporta tulad ng pondo, *manpower* at iba pang *resources.*

## SANGGUNIAN


Almario, V. (2015). *Bakit mahalaga ang panitikan sa mga tao – halimbawa at paliwanag.* https://www.coursehero.com/file /55194737/Panitikan docx/

Artikulo XIV ng Saligang Batas 1987: *WIKA*. https://www.scribd.com/document/523241478/Artikulo-XIV-ng-Saligang-Batas-1987#:~:text=Artikulo%20XIV%20ng %20Saligang%20Batas%201987%3A%20WIKA&text=mga% 20wikang%20opisyal%20sa%20mga,opsiyonal%20ang% 20Kastila%20at%20Arabic.

Azarias, H. (1996). *Pilosopiya ng Literatura, mula sa aklat ni Panganiban.* https://www.google.com/search?q=Hon.+

Azarias+(Pilosopiya+ng+Literatura,+mula+sa+aklat+ni+Panganiban,+1996)&tbm=isch&source=univ&fir=ypWxKvb6PpkuM%252CmznL.

Cennimo, D.J. (2022, November 10). *Coronavirus Disease 2019 (COVID-19).* https://emedicine.medscape.com/article/2500114-overview#:~:text=It%20was%20initially%20reported%20to,outbreak%20a%20global%20health.

Cucinotta, D., & Vanelli, M. (2020, March 19). *WHO declares COVID-19 a pandemic.* https://pubmed.ncbi.nlm.nih.gov/321916 75/

Edrada, E.M., Lopez, E.B., Villarama, J., Salva Villarama, E.P., Dagoc, B.F., Smith, C., Sayo. A., Verona, J.T., Lazaro, J., Balinas, E.M., Telan, E.O., Roy, L., Galon, M., Florida, C.N., Tatsuya, U., Villanueva, A.G., Saito, N., Nepomuceno, J., Ariyoshi, K., … Solante, R.M. (2020). First COVID-19 infections in the Philippines: a case report. *National Library of Medicine Tropical Medicine and Health,* 48(30), 1-103. https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC7154063/#notes-7title

Essential Workers: The many faces of pandemic heroism. (2021, January 17). *Inquirer.net.* https://newsinfo.inquirer.net/1384529/essential-workers-the-many-faces-of-pandemic-heroism

Gonzales, G. (2020, August 19). *Who are the real-life heroes in the time of COVID-19?* Reliefweb. https://reliefweb.int/report/philippines/who-are-real-life-heroes-time-covid-19

Luces, A. A. (2018, October 8). *Bakit mahalaga mag-aral ng panitikan?* Phil.News.ph. https://www.pressreader.com/philippines/panay-news/20181008/281586651547062

*Panitikan.docx – Arrogante 1983* (n.d.). Course Hero. https://www.coursehero.com/file/55194737/Panitikandocx/

*Panitikan.docx – Salazar 1995* (n.d.). SCRIBD. https://www.Scribd.com/document/487457506/Panitikan-docx

Republic of the Philippines Department of Health. (2020, March 9). *Ano ang ginagawa ng DOH at iba pang ahenysa upang mapigil and ganitong sitwasyon?* https://doh.gov.ph/node/20149

Santos, Z. (19, December 2020). *'Pandemya,' napiling Salita ng Taon 2020.* ABS-CBN News. https://news.abs-cbn.com/news/12/19/20/pandemya-napiling-salita-ng-taon-2020

Tech & Science Dictionary. (2020). Frontliner. In *Tech & Science Dictionary.com.* Retrieved December 10, 2022, from https://www.dictionary.com/e/tech-science/frontliner